**St. Vincent’s Health System Inc.**
St. Luke’s-St. Vincent’s HealthCare, Inc, dba Ascension St. Vincent’s Southside;
St. Vincent’s Medical Center, Inc., dba Ascension St. Vincent’s Riverside;
St. Vincent’s Medical Center-Clay County, Inc., dba Ascension St. Vincent’s Clay County
St. Vincent’s Health System, Inc. dba Ascension St. Vincent's St. Johns County
Huling Binago: 01/07/2023

# Buod ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal

Ang St. Vincent’s Health System Inc., kabilang ang mga ministeryo sa kalusugan na nakalista sa itaas, ay may pangako at paggalang sa dignidad ng bawat tao na may espesyal na alalahanin para sa mga lumalaban sa mga hadlang upang ma-akses ang mga serbisyong pangangalaga sa kalusugan. Ang St. Vincent’s Health System Inc. ay may pantay na pangako upang pamahalaan ang mga mapagkukunang pangangalaga sa kalusugan bilang serbisyo sa buong komunidad. Sa pagpapalawak ng mga prinsipyong ito, ang St. Vincent’s Health System Inc., ay nagbibigay ng tulong pinansyal para sa ilang mga indibidwal na tumatanggap ng pang-emerhensiya o iba pang kinakailangang pangangalagang medikal mula sa St. Vincent’s Health System Inc. Ang buod na ito ay nagbibigay ng isang maikling pangkalahatang-ideya ng Patakaran sa Tulong Pinansyal ng St. Vincent’s Health System Inc.

## Sino ang Kwalipikado?

Maaari kang makakuha ng tulong pinansiyal kung nakatira ka sa Komunidad na tinukoy bilang ang (5) na mga county ng Hilagang Silangang Florida na kasama ang: Baker, Clay, Duval, Nassau, St. Johns at ang sampung (10) mga county ng Timog Silangang Georgia na kasama ang: Appling, Bacon, Brantley, Camden, Charlton, Coffee, Glynn, Pierce, Ware, at Wayne. Ang tulong pinansyal ay pangkalahatang tinutukoy ng kabuuang kita ng iyong sambahayan kumpara sa Pederal na Antas ng Kahirapan. Kung ang kinikita mo ay mas mababa sa o katumbas ng 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan, maaari kang makatanggap ng 100% kawanggawang pangangalaga na write-off sa bahagi ng singilin na sagot mo. Kung ang kinikita mo ay mas mataas sa 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan ngunit hindi lampas sa 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan, maaari kang makatanggap ng diskwento sa isang sliding scale. Kung may medikal na utang ka para sa emergency at kinakailangang medikal na pangangalaga na nakahihigit sa kinikita mo, maaari kang makatanggap ng diskuwento. Kung may mga ari-arian ka na higit sa 250% ng halaga ng iyong kinikita sa Pederal na Antas ng Kahirapan, maaaring hindi ka kwalipikado para sa tulong pinansiyal. (Maaaring kailanganin mong magbayad ng isang maliit na bayarin para sa mga serbisyo.) Ang mga pasyente na karapat-dapat para sa tulong pinansyal ay hindi sisingilin nang higit pa para sa karapat-dapat na pangangalaga kaysa sa mga halagang karaniwang sinisingil sa mga pasyente na sakop ng seguro.

## Anong Mga Serbisyo ang Sakop?

Nalalapat ang Patakaran sa Tulong Pinansiyal sa pang-emerhensiya at iba pang kinakailangang tulong medikal. Inilalarawan ang mga tuntuning ito sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal. Hindi saklaw ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal ang lahat ng iba pang pangangalaga.

**Paano ako Makaka-apply?**

Para mag-apply para sa tulong pinansiyal, kakailanganin mong punan ang nasusulat na aplikasyon at magbigay ng mga pangsuportang dokumento, tulad ng inilarawan sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal at aplikasyon para sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal.

**Paano Ako Makahihingi ng Tulong para sa isang Aplikasyon?**

Para sa tulong sa isang aplikasyon ng Patakaran sa Tulong Pinansyal, maaari kang makipag-ugnayan sa HOPE Program, 1 Shircliff Way, Jacksonville, FL 32204 sa (904) 308-1956.

**Paano Ako Makakukuha ng Higit Pang Impormasyon?**

Ang mga kopya ng Patakaran sa Tulong Pinansyal at form ng aplikasyon ng Patakaran sa Tulong Pinansyal ay makukuha sa https://healthcare.ascension.org/Financial-Assistance/Florida at sa pangunahing lugar tanggapan ng:

**Ascension St. Vincent's Riverside**
1 Shircliff Way
Jacksonville, FL 32204

**Ascension St. Vincent's Southside**
4201 Belfort Rd
Jacksonville, FL 32216

**Ascension St. Vincent's Clay County**
1670 St. Vincent's Way
Middleburg, FL 32068

**Ascension St. Vincent's St. Johns County**
205 Trinity Way
St. Johns, FL 32259

Ang mga libreng kopya ng Patakaran sa Tulong Pinansyal at aplikasyon ng Patakaran sa Tulong Pinansyal ay maaari ring makuha sa koreo sa pamamagitan ng pagtawag sa HOPE Program sa (904) 308-1956. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa Patakaran sa Tulong Pinansyal ay makukuha rin sa Riverside Main Admitting, 1 Shircliff Way, Jacksonville FL 32204, o sa pamamagitan ng telepono sa (904) 308-1956.

**Paano Kung Hindi Ako Karapat-dapat?**

Kung hindi ka kwalipikadong makatanggap ng tulong pinansiyal sa bisa ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal, maaaring kwalipikado ka para sa iba pang uri ng tulong. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa HOPE Program sa (904) 308-1956.

**Ang mga salin ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal, ng aplikasyon at mga tagubilin sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal, at ng buod na ito ay makukuha sa mga sumusunod na wika sa aming website at kapag hiniling:**

Espanyol
Tagalog
Ruso
Vietnamese
Serbo-Croatian
Arabe
Pranses
Creole
Intsik
Portuges